**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s SPEECH AT THE DISTRIBUTION OF LAND TITLES AND SUPPORT SERVICES**
**Bago City, Negros Occidental**
**April 8, 2024**

[00:00:00]
Maraming salamat sa ating butihing kalihim ng Department of Agrarian Reform, Secretary Conrad Estrella.

Magsiupo po kayo.

Alam ninyo, nakailang balik kami na rito sa Region VI, matagal na niyang pina-practice iyan Bisaya niya, matigas lang talaga ang dila, hanggang ngayon hindi pa niya makuha-kuha. Magpa-ano ka, magpa-tutor ka sa asawa ko dahil tiga-Bago iyon eh.

Ang asawa ko, si Liza, ang father niya Ledesma, siya Araneta, tiga dito sila sa Bago. Kaya puwede ka turuan noon nang mag-Ilonggo ng tama.

Ang ating Gobernador ng probinsya ng Negros Occidental, Eugenio Jose Lacson; ang Bise-Gobernador ng probinsya ng Negros Occidental, Jeffrey Ferrer; ang bise, ang Vice-Mayor ng Lungsod ng Bago, Ramon Torres; ang mga benepisyaryo ng Repormang Pansakahan, ang pinaka-importante na bisita natin dito ngayon, ang beneficiaries ng Agrarian Reform; andito rin po ang ating mga reputado, ang ating mga congressman para mag-witness sa ating pagbigay ng mga titulo. Kasama ko rin po ay ang Mayor ng Bacolod, Mayor Albee Benitez; at saka si Secretary Popo Lotilla ng Department of Energy.

Dahil po nagbukas po kami ng malaking transmission system na magmumula sa Barotac Nuevo hanggang mag-submarine cable, tatawid ng Negros, hanggang mag-submarine cable ulit, hanggang tatawid hanggang Cebu. Kaya't magiging mas maganda ang sitwasyon ninyo dahil sa kung minsan ay nagiging problema ang power, aayusin na po natin iyan.

[00:02:08]
Kasama rin po diyan ay— kaya po kasama po natin, sinama ko na para makita niyo na, na talagang iyong ating ibinibigay na mga titulo ay marami ang nagiging benepisyaryo. At ang bilang yata ng benepisyaryo ngayong araw na ito ay apat na libo't dalawang daan. Mahigit kumulang 4,200 ang beneficiaries ngayon. Kaya't nakakatuwa at… ito po, ang katotohanan, sa lahat ng naging katungkulan ko bilang Pangulo, ito ang aking paborito, na matapos na ang pagbigay ng mga titulo, [applause] ang partialization ng mga consolidated CLOA sa ating mga magsasaka.

At matagal masyado ang 33 taon, anim na administrasyon ang nakaraan bago natin naiibigay. Kaya't kagaya ng aking nasabi, ito ang pinaka --- pinaka-paborito kong katungkulan na makapagbigay sa inyo ng --- sa wakas --- na maibigay sa inyo ang inyong titulo para makapgsaka kayo ng mabuti.

Ang ating pagtitipon dito sa Bago City ay patunay na ang inyong pamahalaan, sa pangunguna ng Department of Agrarian Reform, ay hindi tumitigil sa pagtupad ng aming pangako na mamamahagi ng mga lupang sakahan sa ating mga benepisyaryo. Ang halos limang libong titulo ng lupa na ibibigay natin ngayon ay bahagi ng higit sa labing-isang libong titulo na ipapamigay ngayong taon sa ating mga magsasaka sa Negros Occidental.

Hindi lamang po sa Negros Occidental at sa buong Pilipinas po. Ang susunod yata namin napupuntahan ay sa Mindanao, marami po kaming ibibigay din na mga titulo para sa ating mga DAR beneficiaries. At pinapangako po sa atin ni Secretary Estrella, ika niya baka maabot nating ang isang daang libo na mabigyan ng titulo sa taong ito.

Kaya naman, inaatasan ko ang DAR na palakasin pa ang pakikipag-ugnayan sa mga ahensya ng gobyerno upang suriing mabuti at madaliin ang pagtukoy sa mga benepisyaryo upang mapakinabangan na kaagad ang mga lupang sakahan na ito.

BAGONG PILIPINAS

Bukod sa lupa ay mamamahagi rin tayo ng iba't-ibang tulong para sa pagtatanim at sa pagpapayaman ng mga sakahan. Ilan lamang rito sa halos pitumpung milyong piso para sa support services tulad ng mga abono, Farm Machineries and Equipment at mga Farm-to-Market Road. Dahil po ang Agrarian Reform ay hindi lamang magbibigay ng titulo at iiwanan na kayo, kasama po sa batas ng Agrarian Reform ay susuportahan kayo ng Department of Agrarian Reforms sa pamamagitan ng ganoon nga, ng abono,

ng farm equipment at lahat ng farm-to-market road. Iyan po ay patuloy ng suporta ng DAR kahit na naibigay na ang inyong titulo.

Nagpatayo din tayo ng tulay sa ilalim ng programang Tulay ng Pangulo Para sa Kaunlarang Pang-Agraryo. Sa ating pagtataguyod ng Bagong Pilipinas, layunin natin ang sabay-sabay na pag-unlad kung saan walang sinuman ang maiiwan sa pag-aasenso.

Itong programang pang-agrikultura ng pamahalaan natin ay nagpapakita lamang ng seryosong pagkilos ng administrasyon upang matulungan kayo na magkaroon ng higit na kakayahan, kasanayan at mga pagkakataon sa pag-unlad.

Kung inyo pong matatandaan, nilagdaan ko po ang batas noong Hulyo ng nakaraang taon ang New Agrarian Emancipation Act. Ang batas na ito ay nagtakda na mabura na ang lahat pang utang ng mga magsasaka dahil sa gawad na lupa sa kanilang pamahalaan. [applause]

Sa mga tumanggap ng mga e-titles na galing sa collective CLOA at sa mga tumanggap ng CLOA sa mga lupang narehistro bago mag-abente kuwatro ng Hulyo noong nakaraang taon, malugod kong ipinaaalam na wala na po kayong babayaran na amortization. Burado na po ang inyong utang sa Land Bank. [applause]

Sa ating mga agrarian reform beneficiaries, maituturing po kayong mga buhay na bayani ng ating panahon. Kayo ang sandigan namin upang masiguro na sapat ang pagkain sa hapag ng bawat pamilyang Pilipino.

Sa ating pagkakaisa, tiyak ako na mapapayabong natin na hindi lamang ang agrikultura dito sa inyong lugar, kung hindi pati na sa buong ekonomiya ng Pilipinas. Makakaasa kayo na kabalikat ninyo ako at ang buong pamahalaan sa lahat ng inyong pagsisikap.

Nawa'y samahan ninyo ako sa pagsasakatuparan ng isang Bagong Pilipinas – isang bansang walang nagugutom at ang lahat ay kumikilos para sa kapakanan ng lahat.

Madamo gid nga salamat! [applause]
[00:07:53]

***